



TALAAN NG IMPORMASYON: *Real Estate*

Transit-Oriented Development (Pagpapaulad na Nakatuon sa Transit) ng Capitol Station

Pangkalahatang Ideya

Ang Capitol Station ay isang lupa na pag-aari ng VTA na magagamit sa pagpapaulad sa hinaharap. Matatagpuan ang 10.1 ektaryang ari-arian sa Capitol Expressway at Narvaez Avenue sa Timog San Jose. Nagsisilbing lote na Park & Ride ang ari-arian para sa mga pasahero ng tren at bus. Kasalukuyang siniserbisyuhan ng Blue Line at mga VTA bus line 37 at 71 ang Capitol Station. May potensyal ang lugar para sa magkahalong gamit o “mixed-use” na Transit-Oriented Development (TOD).

Nakikipagtulungan ang Programang Transit-Oriented Development ng VTA sa munisipal, sa mga pribado at non-profit na mga kasosyo para humikayat ng pagpapaulad ng pabahay, tindahan, at mga sentro ng trabaho sa mga lugar na makakatulong para dumami ang mga sumasakay at makapag-ambag sa sigla ng komunidad. Kabilang sa mga kinakailangan ng Transit Oriented Development ng VTA ay, dapat na ang 20% ng pabahay sa lugar ay abot-kaya ang halaga at ang minimum sa kalahati ng mga murang unit ay para sa mga sambahayan na talagang mababa at napakababa ang kinikita.

Para sa ari-ariang ito, nakipag-partner ang VTA sa Office of Supportive Housing (Opisina ng Sumusuportang Pabahay) ng Santa Clara County. Pinangangasiwaan ng Office of Supportive Housing ang 2016 Measure A Affordable Housing Bond (Murang Garantiya sa Pabahay). Nagpapasigla ng pagpapaulad sa murang pabahay sa lugar na ito ang pakikipag-partner na ito.

Mga Layunin

- Ihanda ang site na ito para sa Transit-Oriented Development sa hinaharap, sisimulan sa pakikibahagi ng komunidad
- Nagpapasigla ng pagpapaulad ng mixed-use, kabilang na ang mga opurtunidad ng murang pabahay na malapit sa transportasyon
- Makapagbigay ng mga opurtunidad ng trabaho na malapit sa transit
- Magpapataas ng pangmatagalan at tuloy-tuloy na pasok ng kita para sa mga operasyon ng transit

Mga Resulta

- Pabahay at mga trabahong malapit sa mga sentro
- Mas malinis na hangin at mas mababang pagbuga ng greenhouse gas
- Pagluwag ng trapiko
- Dumami ang mga sumasakay sa pampublikong transit
- Mas mababang pagkaumaasa sa mga pagbiyahe ng indibidwal na kotse

Mga Pakinabang ng Transit Oriented Development

- Matutugunan ang pangangailangan sa pabahay – nakakatulong sa paglutas sa panrehiyong krisis sa pabahay
- Mga pakinabang sa kapaligiran at pampublikong kalusugan
- Mababawasan ang pagkaumaasa sa sasakyan – ang mga residente ng TOD ay mas mababa ang pangangailangan sa paradahan
- Makikipagsabayan sa ekonomiya – ang mga lokasyon ng TOD ay kaakit-akit sa mga employer
- Mga pakinabang na pampamayanan at piskal – makakalikha ang TOD ng malaking katipiran sa sambahayan (mas kaunti ang magagastos sa transportasyon ng mga taong nakatira malapit sa transit)

Iskedyul ng Proyekto/Pagpapaulad

Sa ngayon, walang espesipikong iminumungkahing proyekto o haba ng panahon ang VTA para sa pagpapaulad sa hinaharap.

Paano Makikipag-ugnayan sa Amin

Para sa higit pang impormasyon sa proyektong ito, makipag-ugnayan sa Community Outreach Department ng VTA sa (408) 321-7575, TTY (408) 321-2330. Maaari mo rin kamaring bisitahin sa web sa www.vta.org/capitoldevelopment o e-email kami sa community.outreach@vta.org.